ISSN: 2545-9449

# NORTH SOUTH JOURNAL

PATAS AT MAKATARUNGANG PAHAYAGAN

YOUR NATIONAL NEWSPAPER

Taon 13 Blg. 17 ABRIL 4-10, 2022 P10.00

Mail Permit No. 2C-17-07-528
Office of Entry: Bacoor City, Cavite
Entered as 2nd Class

# MGA LUGAR SA CALABARZON NA POSIBLEUMANONG MAGING ELECTION HOTSPOTS TINUKOY

***Tinukoy kamakailan ni CALABARZON police director Brig. Gen. Antonio Yarra ang mga lugar sa rehiyon na posible umanong maging election hotspots ngayong papalapit na ng papalapit ang halalan 2022.***

Ayon kay Yarra, gumamit sila ng color coding scheme upang matukoy ang mga poll hotspot -- ito ay ang Orange category: areas of immediate concern na mayroong kumbinasyon ng dalawa o higit pang salik; Yellow category: mayroong seryosong armadong banta na dulot ng mga rebeldeng grupo; at ang red category: areas of grave concern o may mga record ng marahas na krimen, matinding tunggalian kaugnay ng pulitika at mga armadong banta na dulot ng mga lokal na teroristang grupo.

"Though at the moment, we haven't yet identified areas under the red category, we are continuously working with our AFP counterparts and the Comelec 4-A to determine whether there is no extreme threat in the entire region as the May election is fast approaching," pahayag ni Yarra.

Kaugnay nito, mayroong 5 lugar sa Cavite na kabilang sa Yellow category, 2 sa Laguna, 12 sa Batangas, 1 sa Rizal, at 2 sa lalawigan ng Quezon.

Samantala, nakataas naman ang Orange category sa 2 lugar sa Cavite, 1 sa Rizal, at 4 sa Quezon.

Sinisiguro naman ni Yarra na mapapanatili ng kapulisan ang kapayapaan, kaayusan at kaligtasan ng lahat sa gaganaping eleksyon 2022. **(EFREN CHAVEZ)**

## CAVITE STATE UNIVERSITY-COLLEGE OF NURSING SINIMULAN NA ANG GRADUAL RE-OPENING NG FACE TO FACE CLASSES

Sinimulan na ng Cavite State University-College of Nursing (CvSU-CON) ang gradual re-opening ng face to face classes noong Pebrero 28, 2022 ayon kay Dean Evelyn Del Mundo.

Nasa 11 na estudyante na kumukuha ng kursong Bachelor of Science in Nursing ang unang batch ng mga mag-aaral na sumailalim sa isang linggong f2f Intensive Nursing Practicum na pinangasiwaan ng kanilang clinical instructor na si Ivan Derek Wycoco.

Kabilang din sa unang batch ang ilang mga Medical Technology at Midwifery students na lumahok sa kanilang hands-on training at laboratory classes.

Tiniyak naman ng pamunuan ng unibersidad na istriktong nasusunod ang mga minimum health and safety protocols sa loob ng paaralan.

Samantala, nag-uwi naman ng karangalan ang karate athletes ng CvSU matapos nilang masungkit ng apat na medalya - (1) gold, (2) silver, at (1) bronze, sa katatapos lamang na 1st National University Virtual Kata Championship 2021. **(EFREN CHAVEZ)**

## P2-M HALAGA NG HINIHINALANG SHABU NASAMSAM SA ISANG OPERASYON NA IKINASA SA BAYAN NG GENERAL MARIANO ALVAREZ, CAVITE

Tinatayang nasa halos P2 milyong halaga ng hinihinalang shabu ang nasamsam sa isang operasyon na ikinasa sa bayan ng General Mariano Alvarez, Cavite noong Miyerkules

Sa naturang buy-bust operation sa Barangay Maderan ay matagumpay na nasabat ng mga awtoridad ang halos 300 gramo umano ng ilegal na droga.

Arestado rin ang apat na suspek na tinaguriang high-value individual na may kinalaman umano sa transaksyon.

Batay sa Cavite PNP, ang mga ito ay matagaltagal na ring iniimbestigahan dahil sa mga impormasyon na nakukuha nila mula sa naturang lokalidad.

Nahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa Comprehensive Dangerous Drugs Act. **(EFREN CHAVEZ)**

## ISA PANG MASUWERTENG MANANAYA MULA CAVITE ANG NAKAKUHA NG P42-M JACKPOT PRIZE SA MEGA LOTTO 6/45

Isa pang masuwerteng Mananaya mula sa Lalawigan Ng Cavite ang nakakuha ng P42 Milyong Jackpot Prize Sa Mega Lotto 6/45 draw noong Lunes ng gabi.

Sa pamamagitan ng isang pabatid nitong Martes, sinabi ng Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO) na nahulaan ng maswerteng indibidwal ang panalong kumbinasyon na 07-25-08-03-12-05, na mayroong jackpot prize na PHP42,282,132.

Ang nanalong ticket ay binili sa bayan ng Tanza.

Upang makuha ang tseke, ang nanalong indibidwal ay kailangang pumunta sa pangunahing opisina ng PCSO sa Mandaluyong City at ipakita ang nanalong tiket at dalawang ID card.

Gaya nang nasasaad sa Tax Reform for Acceleration and Inclusion law, ang mga panalo sa lotto na higit sa PHP10,000 ay sasailalim sa 20-percent final tax.

May kabuuang 178 bettors ang nanalo ng PHP32,000 bawat isa para sa paghula ng lima sa anim na winning digit; nasa 5,065 naman ang makakakuha ng PHP1,000 bawat isa para sa apat na tamang digit, at nasa 53,875 ang nakakuha ng P30 bawat isa para sa nakakuha ng tatlong tamang digit.

Dagdag pa dito, ang mga papremyong hindi naclaim sa loob ng isang taon ay mawawalan ng bisa.

Ang Mega Lotto 6/45 ay ginaganap Lunes, Miyerkules, at Biyernes.

Ito ang ikapitong pagkakataon sa buwang ito na mayroong nag-iisang bettor ang nakakuha ng jackpot prize sa mga palaro sa lotto ng pamahalaan. **(EFREN CHAVEZ)**

**"Submit yourselves therefore to God. Resist the devil, and He will flee from you." – James 4:7**